# Ang Pagbabalik Sa Unibersidad Na Humubog Ng Kahusayan At Integridad

***ZON LAURENCE MABALOT BAUTISTA***
***Intructor I,*** Pangasinan State University - Lingayen Campus
Lingayen, Pangasinan



***Zon Laurence M. Bautista*** *is a hospitality professional and educator with over ten years of experience in food and beverage operations, hospitality education, marketing, and customer service. He currently serves as a Faculty Member at Pangasinan State University, where he teaches hospitality and tourism management courses while mentoring future industry professionals. Previously, he taught at Urdaneta City University and held leadership positions at Starbucks as Coffee Master and Supervisor, where he managed operations, trained staff, and upheld exceptional service standards. His professional background also includes marketing leadership with McDonald's Philippines and culinary experience as a Line Cook at Mad for Garlic Philippines. Zon earned a Bachelor of Science in Hospitality Management from Pangasinan State University, a Master's in Business Management from Lyceum Northwestern University, and pursued doctoral studies in Hospitality Management at the Philippine Women's University. His expertise spans leadership, operations management, training, customer relations, and academic instruction.*

"Minsan, kailangan mong bumalik sa lugar kung saan nagsimula ang iyong mga pangarap upang maunawaan kung bakit ka inilaan ng Diyos sa landas na iyong tinatahak."

Ako si Zon Laurence M. Bautista, ipinanganak at lumaki sa Barangay Matalava, Lingayen, Pangasinan. Pangalawa ako sa mga anak nina Ginoong Jorge Parayno-Bautista at Ginang Zony Mabalot-Bautista.

Bata pa lamang ako ay namulat na sa mundo ng pagluluto, paghahanda ng mga pagkain, at pag-oorganisa ng mga espesyal na okasyon. Ang aking ina ay isang guro ng Technology and Livelihood Education sa Dagupan City National High School. Dahil ako lamang ang nag-iisang lalaki sa aming magkakapatid at kilala bilang isang tunay na "Mama's Boy," halos saan man siya magpunta ay kasama niya ako. Siya ang una kong naging guro sa buhay—hindi lamang sa pagluluto kundi maging sa disiplina, sipag, pagmamahal sa pamilya, at paglilingkod sa kapwa. Bilang patunay ng kanyang malaking impluwensya sa aking buhay, ipinangalan niya sa akin ang bahagi ng kanyang pangalan.

Sa murang edad ay naging aktibo rin ako sa paglilingkod sa komunidad bilang bahagi ng Sangguniang Kabataan ng aming barangay. Ang karanasang ito ang humubog sa aking kakayahang mamuno at maglingkod, na naging daan upang maging iskolar ng Pangasinan State University – Lingayen Campus.

Sa loob ng limang taon sa aking Alma Mater, tinapos ko ang kursong Bachelor of Science in Hospitality Management. Hindi lamang ako naging isang mag-aaral, kundi naging aktibong bahagi rin ng iba't ibang programa at organisasyon ng unibersidad. Naging katuwang ako sa pamamahala ng mga malalaking kaganapan, food production, event management, at iba't ibang gawaing pang-akademiko ng aming departamento bilang isang opisyal.

Isa sa mga pinakamatinding biyayang ipinagkaloob sa akin ay ang mapiling kumatawan sa Pangasinan State University sa Singapore bilang bahagi ng Student Exchange Program, kung saan ko rin isinagawa ang aking On-the-Job Training. Ang karanasang ito ang nagbukas ng aking pananaw sa pandaigdigang pamantayan ng industriya ng hospitality at nagturo sa akin ng kahalagahan ng propesyonalismo, kahusayan, at integridad.

Noong 2012, nagtapos ako ng Bachelor of Science in Hospitality Management. Tulad ng maraming bagong propesyonal, nakipagsapalaran ako sa Maynila upang hanapin ang aking pangarap. Napabilang ako sa Mad for Garlic, isang international restaurant chain sa Bonifacio Global City, Taguig, bilang isang Line Cook, kung saan higit pang nahasa ang aking kakayahan sa industriya.

Ngunit noong 2014, nagpasya akong bumalik sa Pangasinan upang makatulong sa aking pamilya. Hindi ko inakalang iyon pala ang simula ng isa sa pinakamabigat na yugto ng aking buhay. Ang aking ina, na siyang aking inspirasyon at pinakamatalik na kaibigan, ay na-diagnose na may cancer.

Upang makatulong sa gastusin ng kanyang pagpapagamot, naging bahagi ako ng McDonald's Philippines bilang Marketing Representative. Ginawa ko ang lahat ng aking makakaya upang masuportahan ang aming pamilya. Ngunit noong 2017, tuluyan nang pumanaw ang aking ina.

Kasabay ng kanyang pagpanaw ay tila gumuho rin ang aking mundo. Hindi ko lamang nawala ang aking ina; nawala rin ang aking kaibigan, ang taong una kong tinatakbuhan sa bawat tagumpay at kabiguan. Ang bawat lakad, bawat kwentuhan, at bawat simpleng bonding naming mag-ina ay naging mga alaalang habang-buhay kong iingatan.

Sinubukan kong bumangon. Noong 2018, muli akong nakipagsapalaran sa Maynila, ngunit hindi rin nagtagal ay nagpasiya akong bumalik sa Pangasinan. Napagtanto kong mayroon pa akong ama na nangangailangan ng aking presensya at pagmamahal.

Sa panahong iyon ay nabigyan ako ng pagkakataong maging isang Barista sa Starbucks Philippines. Buong puso kong minahal ang propesyon at nagsumikap hanggang sa maging isang Coffee Master. Subalit noong 2019, biglang huminto ang takbo ng mundo dahil sa pandemya ng COVID-19.

Sa gitna ng kawalang-katiyakan, nagbukas naman ang isang pintuang hindi ko inaasahan.

Ilang ulit akong inimbitahang magturo sa kursong Bachelor of Science in Hospitality Management. Sa una ay tumanggi ako dahil pakiramdam ko ay kulang pa ang aking karanasan. Ngunit sa ikalawa, ikatlo, at ikaapat na paanyaya, nanaig ang aking pananampalataya at lakas ng loob. Malaki ang naging papel ng aking dating propesor sa PSU, si Ginoong Arnold Ancheta, na nagsilbing pangalawang ama ko noong ako ay estudyante pa lamang.

Sa awa ng Diyos, noong Hulyo 16, 2021, opisyal akong naging guro sa Urdaneta City University.

Doon ko tunay na natuklasan ang kahulugan ng pagiging isang guro. Nakakapagod ang bawat araw ng pagtuturo, ngunit ang bawat pagod ay napapalitan ng saya sa tuwing nakikita kong natututo, nangangarap, at nagtatagumpay ang aking mga estudyante. Ang bawat karanasang ibinabahagi ko mula sa industriya ay naging inspirasyon nila upang ihanda ang kanilang sarili sa mundong kanilang tatahakin.